

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

Carmelo L. Martinez, SDB

Pamantasang De La Salle

Abstrak

Nilayon ng pananaliksik na ito na matignan at masuri ang karanasang *religious* at *spiritual* ng mga kabataang lalaking kalahok. Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa mga nauna nang pananaliksik na nagsasabing may positibong kaugnayan ang espiritwalidad at pagiging relihiyoso sa magandang pag-unlad ng mga kabataan. Sa gayon, mahalagang makita kung paano nga dinaranas at binibigyang kahulugan ng mga kabataan ang isang karanasang tinatawag nilang *religious* o *spiritual* upang makatulong ito sa paghahanda ng landas tungo sa kanilang positibong pag-unlad. Gamit ang mga kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik gaya ng *focus group discussion* (FGD) at malalimang interbyu/panayam, bumuo ng apat (4) na mga grupo para sa FGD (i.e. 2 grupo mula sa urban na lugar at 2 mula sa rural), at gayundin, nag-imbiba ng ilang mga eksperto sa paghubog sa mga kabataan para sa interbyu.

Lumabas sa nakalap na mga datos na *spiritual* o *religious* ang isang karanasan kung may a.) nararamdaman silang pagiging malapit sa Diyos o sa isang kinikilala nilang makapangyarihang nilalang; b.) gayundin sa loob ng pagkakataong sila ay nagdarasal; at c.) kung nakamamalas/nakararamdam sila ng kabutihang loob ng ibang tao. Binibigyan naman ng mga kabataang kalahok ng pakahulugan ang mga karanasang espiritwal o relihiyoso bilang pagpapala, tulong, awa, regalo o pwede ring pagpapaalala, paggising, o pagtatama. Iniugnay sa mga pangunahing dalumat ng lipunan at kulturang Pilipino ang mga resultang lumabas sa pag-aaral na ito. Nakita ang malaking kaugnayan ng pakahulugan ng mga kabataan sa espiritwalidad at pagiging relihiyoso sa mga konsepto ng loob, tiyaga, at ginhawa.

Mga Susing Salita: *Espiritwalidad ng Kabataan, Kabataang Pilipino, Sikolohiyang Pilipino*

Abstract

Anchored in the findings of previous studies that saw religiosity and spirituality as strongly related to positive youth development, this paper aims to contribute to this body of knowledge from the perspective of the Filipino youth's experience of religiosity and spirituality. This study is a qualitative investigation on the religious and spiritual experience of male high school students from both the rural and urban areas. Four Focus Group Discussions (2 from the rural area and 2 from the urban setting) and several key-informants interviews among adults who are directly involved in the life of young people were conducted. Results show that the participants are able to say that their experience is spiritual or religious: a.) when they feel their closeness with the divine/God; b.) in moments when they are praying or are able to pray; and c.) in times when they witness or experience acts of goodness (*kabutihang loob*) of others. On the other hand, they interpret these spiritual experiences: a.) as blessings, gift, and God's mercy, or b.) as reminders,

**Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan:
Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan**

God's way of correcting, and giving another chance. These themes that were formed from the gathered data were discussed in the light of important Filipino concepts particularly *loob*, *tiyaga*, and *ginhawa*.

Keywords: *Youth Spirituality, Filipino Youth, Sikolohiyang Pilipino*

PANIMULA

Layunin ng papel na ito na masuri at mailarawan ang karanasang espiritwal at relihiyoso ng mga kabataang mag-aaral na lalaki. Binigyang-kahulugan sa mga naunang pag-aaral ang mga terminolohiyang *spiritual* at *religious* bilang koneksyon o hangaring makatagpo ang Diyos o ang isang nakahihigit at nakatataas na kapangyarihan (Dy-Liaco, Piedmont, Murray-Swank, Rodgerson at Sherman, 2009; Cornelio, 2010; Yabut, 2013a). Madalas ding iniuugnay ang espiritwalidad sa mga bagay, lugar, o paksa na kalimitang tinataguriang banal o sagrado (Davis, Worthington, Hook, Van Tongeren, Green, at Jennings, 2009; Yabut, 2013b). At bagaman may pagkakaiba, nakita ring may malaking pagkakaugnay at pagkakatulad ang mga konsepto at karanasang kalimitang tinutukoy na espiritwal at relihiyoso (Benson, Scales, Sesma, at Roehlekepartain, 2005; Tan-Mansukhani at Resurreccion, 2009).

Ang salitang *relihiyon* na nagmula sa salitang Latin at nangangahulugang *pagkakatali* ay pumupunto sa kabuuan ng mga paniniwala, ritwal, gawain at mga simbolong naglalayon o tumutulong na mapalapit ang isang tao sa mga itinuturing nitong banal. Kalimitang ang mga ritwal at gawaing may kaugnayan dito ay nasa loob ng isang pormal na istruktura at nakikita sa mga panlabas na gawain at gampanin. Samakatuwid, ang mga itinuturing na relihiyoso ay ang mga indibidwal na kalimitang kinakikitaan ng pagnanais, pakikiisa, o pagsunod sa mga gawaing ito sa loob ng relihiyon (Benson et al., 2005; Yabut, 2013a). Samantala, kadalasang mas abstrak naman ang pagkaunawa sa espiritwalidad. Tumutukoy ito sa relasyon at mas panloob na ugnayan ng isang tao sa Diyos o sa isang nakatataas na nilalang (Davis et al., 2009). Pero hanggang sa kasalukuyan, maliwanag na nangangailangan pa ring mabigyan ng mas ganap at malinaw na pakahulugan ang mga terminolohiyang ito at gayundin, na matukoy kung saan nga ba sila nagkaka-ugnay, nagkakaiba, o nagtatagpo (Benson et al., 2005).

Sa pag-aaral na ito, ang pagiging *spiritual* at *religious* ay ituturing na halos magkasingkahulugan batay na rin sa mga naunang pagdadalumat sa mga terminolohiyang ito lalo na sa loob ng kontekstong Pilipino (De Mesa, 1981; Mercado, 1992; Mercado, 2009; Yabut, 2013a). Mahalaga ang pagtalakay nina Tan-Mansukhani at Resurreccion (2009, p. 284) sa puntong ito, batay na rin sa resulta ng kanilang pag-aaral hinggil sa espiritwalidad ng mga kabataang Pilipino. Sabi nila,

The Filipino adolescents saw spirituality as connected to religion or religiosity, that a spiritual person was both “spiritual and religious.” This lack of polarization in their conceptualization as well as experience of spirituality lent support to the argument that in empirical reality people do not focus on the distinction between spirituality and religion.

Dagdag pa rito, iniulat ng naturang mga mananaliksik na nakita rin sa mga pag-aaral na ang relihiyon ay nakatutulong pa nga sa mga kabataan upang higit na maisaayos at mabigyang kahulugan ang kanilang karanasang pang-espiritwal.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa nakitang mahalagang papel na ginagampanan ng espiritwalidad at relihiyon sa pagkakaroon ng kasiyahan at positibong pag-unlad ng mga kabataan (Donahue at Benson, 1995; Larson, 2000; Regnerus, Smith, at Fritsch, 2003; Lerner, 2005; King at Furrow, 2008; Lerner, Roeser, at Phelps, 2010). Lumabas din sa resulta ng mga naunang pag-aaral sa Pilipinas man o sa ibang bansa na may malaking puwang pa rin sa buhay ng mga kabataan ang mga bagay na may kinalaman sa espiritwalidad at relihiyon (Episcopal Commission on Youth-Catholic Bishops' Conference of the Philippines [ECY-CBCP], 2005; Smith at Denton, 2005; Smith, Faris, at Denton, 2006; Good at Willoughby, 2008; Dy-Liaco et al., 2009; Cornelio, 2010; ECY-CBCP, 2014).

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

Nag-iiba rin ang mga kadahilanang nakakaapekto at tumutulong sa pagkakaroon ng mga kabataan ng interes sa relihiyon at sa pakikibahagi nila sa mga gampaning may kaugnayan dito—mula *parental pressure*, impluwensya ng barkada, personal na pagkahilig o desisyon at kagustuhang makasama o mapabilang sa isang grupo (ECY-CBCP, 2005; Martinez, 2011; Yabut, 2013a). May kaugnayan din ang kasarian ng isang indibidwal, antas sosyo-ekonomiko ng pamilyang pinagmulan, at antas ng edukasyon ng ina sa pagkakaroon ng malakas na espiritwalidad at interes sa mga bagay na may kaugnayan sa relihiyon (Regnerus et al., 2003; James, w.t.).

Iginiit naman nila Sinha, Cnaan, at Gelles (2007) na bagaman may mahalagang papel nga sa buhay ng mga kabataan at sa kanilang positibong pag-unlad ang espiritwalidad at relihiyon, maliwanag na para sa mga kabataan ngayon, hindi nila ito tinitingnan at ipinapahayag katulad ng kung paano ito binibigyang-kahulugan at ipinapahayag ng kanilang mga magulang. Ito rin ang nakitang resulta ng ilan pang mga pag-aral tungkol dito sa nasabing paksa (Denton, Pearce, at Smith, 2008; Good at Willoughby, 2008; Cornelio 2010; Sapitula at Cornelio, 2013). Sinasabing may pagkakaiba nga ang pamamaraan ng pagpapahayag ng mga kabataan sa kanilang espiritwalidad at pagiging *religious* pero hindi ito nangangahulugang hindi sila naniniwala sa Diyos o hindi nila pinahahalagahan ang mga bagay na may kinalaman sa espiritwalidad at relihiyon.

Marahil, nagpapakita lamang ang mga ito kung gaano kakumplikado ang paksang may kinalaman sa buhay espiritwal at relihiyon ng mga kabataan at kung paanong ito rin ay maaaring magbago o mag-iba lalo na sa pagdaan ng mga kabataan sa yugto ng *adolescence*. At dahil dito, higit na nangangailangan ng malalimang pananaliksik at pagsusuri tungkol dito. Mahalagang makita at maalaran ang mga pakahulugan at pagkaunawa ng mga kabataan sa mga karanasan nila na may kinalaman sa mga ito. Dahil kung totoong may kaugnayan nga sa kanilang kasiyahan at positibong pag-unlad ang mga ito, kailangang lubos itong maintindihan upang higit pa itong magamit at makatulong para mas makapag-ambag sa kasiyahan at maayos na pag-unlad ng mga kabataan.

ESPIRITWALIDAD/RELIHIYON AT POSITIBONG PAG-UNLAD

Marami sa mga ginawang pananaliksik sa paksang ito ang nagpapatunay sa tuwirang ugnayan ng aktibong pakikilahok sa mga espiritwal at relihiyosong gampanin sa pagbaba ng pagkakasangkot ng mga kabataan sa mga itinuturing na *risk behaviors*. Halimbawa ng mga mapanganib na kilos na tinukoy ng mga nagdaang pag-aaral ay ang paninigarilyo, paglalasing, katamaran at pagsama sa masasamang barkada, pagpasok sa mapanganib na mga gawaing sekswal, at paggamit ng ipinagbabawal na gamot (Benson et al., 2005; Sinha et al., 2007). Nakita naman sa iba pang mga pag-aaral na ilan sa kalimitang nagiging epekto ng pagiging aktibo sa mga maka-espirtwal at relihiyosong bagay at gawain ay ang pagkakaroon ng masayang disposisyon sa buhay, mababang posibilidad ng pagkakaroon ng depresyon, kakayahang makisalamuha sa iba at pagiging kapaki-pakinabang sa lipunan (Regnerus et al., 2003). Dagdag pa rito, kaugnay din ng pagkakaroon ng maayos na buhay-espirtwal ang pagkakaroon ng positibong pagtingin sa sarili at kasiyahan sa buhay (James, w.t.; Donahue at Benson, 1995; Lerner, 2005).

Kaugnay nito, tinalakay ni Smith (2003) ang siyam na mga salik o mekanismong nag-uugnay sa relihiyon at positibong pag-unlad ng mga kabataan. Lumabas sa pag-aaral niya na tuwing nagiging katuwang ng espirtwalidad at relihiyon ang mga mekanismong ito, ganap ding tumitingkad ang epekto ng espirtwalidad at relihiyon sa positibong pag-unlad ng mga kabataan. Kabilang sa mga salik na ito ang moral na kamulatan, karanasang espirtwal, pagkakaroon ng

mabuting halimbawa, karanasang makisalamuha sa iba at mamuno, pagpapahalaga sa pagsisikap at pagtatagumpay, kaalamang pangkalinangan, pagkakaroon ng mga kaibigan, pagkakaroon ng maaasahang koneksyon at mga kakilala sa labas ng kinapapaloobang pamayanan. Sinang-ayunan din ito nina King at Furrow (2008) dahil nakita rin nila ang malaking impluwensya ng espiritalidad at relihiyon sa moral na aspekto ng pag-unlad ng mga kabataan at hindi lamang nga ito nagtutulak tungo sa positibong pag-unlad, kundi nagbibigay din ito ng proteksyon para makaiwas ang isang kabataan sa masasamang impluwensya at tumutulong din ito sa pagbubuo sa isang indibidwal ng mga *prosocial behaviors*.

UGNAYANG SOSYAL AT ESPIRITWALIDAD/RELIHIYON

Isa pang mahalagang salik na lumabas sa mga naunang pag-aaral ay ang impluwensya ng mga ugnayang panlipunang ginagalawan ng mga kabataan sa pagkakaroon nila ng *spirituality*. Sinasabing malaki ang epekto sa pagpapalalim ng espiritalidad at pagiging relihiyoso ng mga kabataan ng mga kinabibilangan nilang grupo o relasyon. Ito ay dahil nakita na kalimitang sa loob ng magagandang ugnayan sa magulang, kaibigan, at mga nakatatanda sa pamayanan na mulat din sa buhay-espiritwal nagsisimulang mahubog ang pagiging espirital at relihiyoso ng mga kabataan (Brody, Stoneman, at Flor, 1996). Tinukoy ng mga pananaliksik na nagkakaroon lamang ng positibong epekto sa mga kabataan ang pagiging aktibo ng mga ito sa mga gawaing relihiyoso kung nakakahanap sila sa loob ng mga interaksyong nasa konteksto ng espiritalidad/relihiyon ng mga mabubuti at sumusuportang nakatatanda/adults (Smith, 2003; Tan-Mansukhani at Resurreccion, 2009; Fay, 2015).

Ganito rin ang resulta ng pananaliksik nila Lippman, Michelsen, at Roehlkepartain (2004) na nagsabing sa loob nga ng masigla at maayos na pamilya at gayundin, sa magagandang ugnayan sa labas nito nagkakaroon ng positibong epekto ang espiritalidad sa pag-unlad ng mga kabataan. Nakita rin nila na ang pagiging espirital/relihiyoso ng mga magulang ay madalas na indikasyon din ng magandang samahan sa pamilya, mabuting relasyon sa pagitan ng mag-asawa, maayos na paraan ng paglulutas ng suliranin sa loob ng tahanan, at mga anak na aktibo at kumikilala rin sa halaga ng relihiyon sa buhay nila. Pero ipinaliwanag nila Lippman at mga kasama niya (2004) na, “in reality, the process [*i.e. of religious transmission-CLM*] is much more complex, involving informal modeling, indirect influences and a dynamic relationship between parents, child, siblings, extended family and other socializing influences” (p. 9). Malawak na paksain kung susuriin ang mga salik na umaapekto sa paghubog ng espiritalidad at relihiyon ng mga kabataan. At marami pang mga bagay (gaya ng kasarian, katayuan sa buhay, antas ng edukasyon, pook tirahan) at mga ugnayan ang dapat ding suriin at isaalang-alang para ganap pa itong maintindihan.

ESPIRITWALIDAD/RELIHIYON AT MGA KABATAANG PILIPINO

Hindi na rin nakapagtatakwang lumitaw sa mga pag-aaral ang halaga ng pamilya at ng kanilang mga ugnayan bilang mga pangunahing impluwensya sa pagkakaroon ng espiritalidad at relihiyon ng mga kabataang Pilipino (Tan-Mansukhani at Resurreccion, 2009). Lumitaw din sa dalawang malawakang survey sa bansa na sumusuri sa relihiyon (ECY-CBCP, 2005; ECY-CBCP, 2014) ang kahalagahan ng pamilya at mga kaibigan sa pagkakaroon ng aktibong espiritalidad at partisipasyon sa relihiyon ng mga kabataan. Sa katunayan, malaking bahagi ng mga kalahok ang nag-ulat na kinamulatan na nila ang kanilang kinabibilangang relihiyon at patuloy na naiimpluwensyahan ang kanilang pagiging kasapi rito ng kanilang mga magulang at pamilya. Ngunit nakita rin sa mga pag-aaral ang mas higit na impluwensya ng mga ina sa paghubog sa espirital na aspekto ng buhay ng isang kabataan kung ikukumpara sa impluwensya ng mga ama (ECY-CBCP, 2014).

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

Lumitaw din sa mga pag-aaral na mahalaga para sa mga kabataang Pilipinong kalahok ang kanilang pananampalataya at ginagampanan nila ang kanilang tungkulin dito sa abot ng kanilang makakaya. Bagamat may ilan din sa kanila ang may alinlangan sa kanilang pinaniniwalaan, lalo na sa mga usaping moral, at sa pakikisangkot ng simbahan o mga pinuno nito sa mga usapang pang-ekonomiya at pulitika (Cornelio, 2010). May nakita ring pagkakaiba sa pagpapahayag ng relihiyon at espiritalidad sa pagitan ng mga kabataang mula sa mga lugar na urban kumpara sa mga nasa rural (Tan-Mansukani & Resurreccion, 2009). Kaugnay nito, ilan sa mga pamamaraan ng pagpapahayag ng pananampalataya ng mga kabataan ang mga gampaning tulad ng pagsisimba, personal na pagdarasal at nobena, pagsama sa mga organisasyon at grupong may kaugnayan sa relihiyon at pagpunta sa mga misyon at *volunteer works* (ECY-CBCP, 2014; Fay, 2015).

MGA PANANALIKSIK SA ESPIRITWALIDAD/RELIHIYON

Ngunit sa kabila ng mga pag-aaral na ito, sinasabing malayu-layo pa rin ang dapat tahakin upang ganap na maunawaan ang kontribusyon ng espiritalidad at relihiyon sa positibong pag-unlad ng mga kabataan (Lerner et al., 2010; Cresswell, 2014). Hindi pa rin ganoon karami ang mga pag-aaral na ginagawa hinggil sa paksang ito lalo na sa loob ng bansa (Tan-Mansukhani at Resurreccion, 2009). Isa sa puna nina Benson at mga kasama nito (2005) halimbawa ay ang kapansin-pansing limitasyon ng mga pinapaksa ng pananaliksik sa espiritalidad at relihiyon. Batay sa kanilang mga sinuring pag-aaral, nakita nila na karamihan sa mga ito ay nakatuon lamang sa pansariling pagtataya sa halaga ng relihiyon o di kaya ay sa dalas/bilang ng pagsama ng mga kalahok sa mga gampaning may kinalaman sa relihiyon. Dahil dito hinamon nina Benson ang mga magsusuri sa espiritalidad sa hinaharap na lawakan pa ang sakop ng mga tanong at laliman pa ang abot ng mga gustong tuklasing aspekto at implikasyon ng espiritalidad at relihiyon. Dahil ayon sa kanila, kailangang salikupin ang kumplikado at masalimuot na realidad ng espiritalidad na sumasakop sa sapin-saping mga dimensyong may kinalaman sa paniniwala, pagkilos, pakahulugan, halagahin, pananaw sa buhay, at ugnayan, dahil mababaw pa at pahapyaw pa lang ang alam natin tungkol sa espiritalidad at sa epekto nito sa buhay.

Ganito rin ang pangangailangang nakita nila Regnerus at mga kasamahan niya (2003, p. 1) nang sinabi nilang “a full understanding of adolescence requires consideration of the rapidly changing individual in on-going interaction within dynamically changing, multi-layered context.” May matinding pangangailangang mabigyan ng pagsasaalang-alang sa mga pananaliksik ang kontekstong ginagalawan ng mga kabataang kalahok at kung paano nito naaapektuhan at nahuhubog ang buhay-espiritwal at panrelihiyon ng mga kabataan. Gayundin, mahalagang makita sa mga pagsusuri kung paano tinitingnan at dinadanas ng mga kabataan ang espiritalidad at relihiyon lalo na sa partikular na yugtong ito ng kanilang buhay. Kaya bahagi ng pananaliksik na ito ang tingnan at suriin kung kailan at paano nararanasan ng mga kabataan ang kung ano para sa kanila ay espiritwal o relihiyoso. Layunin din ng pag-aaral na ito na makita ang pakahulugang ibinibigay ng mga kabataan sa mga tinatawag nilang *spiritual* at *religious*. Dahil dito, nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

- Kailan at sa anong mga pagkakataon sinasabi ng mga kabataang *spiritual* o *religious* ang isang karanasan?
- Ano-anong mga elemento at pakahulugan ang kadalasang iniuugnay nila sa mga karanasang itinuturing nilang *spiritual* o *religious*?

METODO

Mga kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito upang higit na makita at masuri ang kumplikadong konsepto at malalim na karanasang espiritwal at relihiyoso ng mga kalahok (Cresswell, 2014; Beit-Hallahmi, 2015). Nangalap ng datos sa pamamagitan ng Focus Group Discussion (FGD) at malalimang panayam (*in-depth interviews*).

Nagkaroon ng 4 na sesyon ng FGD mula sa 4 na paaralang *exclusive for boys* (2 sa urban area/2 sa rural area) sa Luzon. At bawat FGD ay kinabilangan ng 6-9 na mga kalahok (N= 38). Ang mga kabataang lumahok sa mga ginabayang talakayan ay nasa huling taon na ng *high school*, SY 2011-2012. Piniling isali sa pananaliksik na ito ang mga kabataang lalaki dahil maliwanag sa mga pag-aaral na higit na kinakitaan ng pagpapahayag ng espiritwalidad at pagiging aktibo sa relihiyon ang mga kabataang babae kung ikukumpara sa kalalakihan (James, w.t.; Regnerus et al., 2003). Layunin din ng kasalukuyang pananaliksik na makapag-ambag sa kakaunting kaalaman sa pagiging espiritwal at pagpapahayag ng pagiging relihiyoso ng mga kabataang lalaki. Tumagal ng halos isang oras o higit pa ang bawat FGD sessions (may *average* na 55 *minutes*). Ilan sa mga paksa ng diskusyon ang pagbabahagi ng mga kalahok kung nakaranas na ba sila ng karanasang matatawag na espiritwal, kahulugan ng espiritwal para sa kanila, halimbawa ng mga taong espiritwal para sa kanila, at iba pa. Gumamit ang mananaliksik ng mga *probing questions* para sa pagpapalalim ng mga katanungan. Bawat kalahok ay mayroong pahintulot ng magulang bago hinayaang makisali sa mga diskusyon.

Katuwang ng mga FGD, nagsagawa rin ng malalimang interbyu na kinabilangan ng mga taong may kaugnayan sa mga kabataan lalo na sa aspektong espiritwal at panrelihiyon ng kanilang buhay sa paaralan, tahanan, o simbahan man ito. Nagkaroon ng 4 na sesyon para dito na kinabilangan ng interbyu sa—1 magulang, 1 pari, 1 *values teacher*, at 1 *youth group animator*. Layunin ng mga panayam na ito na magdagdag-impormasyon at magpalalim sa mga inilahad ng mga kabataang kalahok sa FGD. Ilan sa mga tinalakay sa mga panayam na ito ang mga sumusunod: obserbasyon nila sa buhay-espiritwal at panrelihiyon ng mga kabataan, kailan nila nasasabing may espiritwalidad ang mga kabataan, mga nakita nilang mahahalagang salik sa pagkakaroon ng espiritwalidad ng mga kalahok, at iba pa.

Gayundin, bagaman ang mga paaralang pinagkuhanan ng mga kalahok ay mga Katolikong paaralan, hindi lahat ng mga kabataang kasali sa FGD ay mga Katoliko, mayroon ding 2 Born-Again Christians, 1 kasapi ng Iglesia ni Cristo, at 2 Protestante. Hindi rin naging bahagi sa pagpili ng mga kalahok kung masasabi nilang espiritwal sila o aktibong sumasali sa mga *religious activities*. Malaking bilang ng mga kalahok ay mula sa gitna at *upper middle class* na bahagyang sosyo-ekonomiko.

Lahat ng datos (FGD at interbyu) ay inirekord at isinulat nang *verbatim* (100% transcription). At mula sa mga transkripsiyong nakuha, sinuri ang mga datos batay sa mga katanungan ng pananaliksik. Nilinis ang *verbatim report* at pinili ang mga *basic data strands* batay sa mga katanungan. Mula dito, bumuo ang tagapagsaliksik ng mga kategoryang maaring paglagyan ng mga *data strands*. Sa bahaging ito, humingi ng propesyunal na tulong ang mananaliksik sa dalawa pang *Research Assistants* (RA's) para sa higit na obhektibong pagsisinsin ng mga datos. Ang isa ay isang lisensyadong *Guidance Counselor* at ang isa naman ay eksperto sa *Youth Ministry*. Kapwa sila bumuo rin ng mga kategorya. Pagkatapos ay ikinumpara ang mga kategoryang nabuo ng bawat isa hanggang sa nagtagpu-tagpo ang mga ito at nakabuo ng mga pangunahing kategoryang sumasagot sa mga katanungang inilatag ng kasalukuyang pag-aaral.

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

Matapos mabuo ang mga kategorya at ang mga *supporting data* o mga paliwanag sa mga ito, pumili rin ng mga pangunahing kasagutang ibinigay ng mga kalahok para gawing halimbawa o *representative data* na bahagi ng pag-uulat ng resulta. Sa huli, muling binalikan at sinuri ng may-akda at ng dalawang RA's ang mga pangunahing katanungan ng pananaliksik at ang mga kategoryang nabuo batay sa mga nakalap na datos na nagsisilbing kasagutan sa pananaliksik na ito. Iniharap ang pangunahing resultang ito sa isang FGD na kinabilangan ng kabataan (3), magulang (1), guro (1), *youth group leaders* (2) at pari (2) na tumulong para higit na luminaw ang mga kasagutan sa pag-aaral na ito at nagsilbi rin itong *validation* sa resulta ng pag-aaral.

RESULTA

Binibigyang kasagutan sa bahaging ito ang mga katanungan ng kasalukuyang pananaliksik. Hinahati ang bahaging ito sa dalawang pangunahing balangkas.

A. Mga Pagkakataon/Karanasang Itinuturing na Ispiritwal o Relihiyoso at mga Elemento Nito

Naigrupo sa tatlong pangunahing mga kategorya ang mga sagot na nakuha mula sa mga kalahok. Sa loob ng mga pagkakataong ito kadalasan nilang sinasabing *spiritual* o *religious* ang isang karanasan. Kalakip nito, inilalahad din ang mga elementong bumubuo at kalimitang iniuugnay sa bawat kategoryang nakita.

1. Sa mga pagkakataong sila ay nagdarasal

Hindi siguro nakagugulat na ito ang isa sa mga lumitaw na pagkakataon kung saan sinasabi ng mga kabataang kalahok na espiritwal ang karanasan. Marami nga sa kanila ang nagsabi na nararanasan nila ang lapit ng Diyos sa oras ng pagdarasal. Sa mga nabanggit na yugtong ito, naroon ang mga tradisyunal o mga nakagawian na pamamaraan ng pagdarasal gaya ng pagsisimba, pagtanggap ng mga sakramento, pakikinig sa sermon ng pari o pastor, pagnonobena/rosaryo, pagdarasal sa bahay kasama ng pamilya at pagsama sa prusisyon lalo na kung mga Mahal na Araw. Sabi nga ng isang kalahok: “*Nakaka-touch yung sermon. Madalas tinatamaan ako*” (FGD, Pampanga 5). Dagdag din ng isa: “*Yun pong every year na pagsunod sa prusisyon hanggang Antipolo, nakikiisa ako kay Jesus sa suffering n’ya. Blessing po yun for me*” (FGD, Mandaluyong 4). Sinuportahan din ito ng isang *Youth Group Animator* na nagsabing “*...kapag makikita mo silang tahimik at naka-focus sa mga prayer times namin, example ‘pag after communion, masasabi mong nagdadasal nga sila, nagdadasal pala sila*” (Interbyu, Youth Group Animator).

Ilan pa sa mga halimbawa ng pagkakataong ito na binanggit ng mga kabataang tinanong sa pananaliksik na ito ang tumukoy sa *retreat at recollection*, sa pagsali sa choir o pagiging *altar server*, pagdalo sa prayer service, at pagdaan sa chapel bago umuwi sa bahay bilang mga pagkakataon kung saan sinasabi nilang nagkaroon sila ng espiritwal na karanasan. Dagdag nga ng isang guro, “*sa mga event na ganito [i.e. retreat at recollection-CLM] makikita mo na, ay nagdadasal pa nga sila*” (Interbyu, Values Teacher).

“*Pag sama-sama po kaming nagdarasal sa bahay... mafe-feel ko talaga yung presence ni God*” (FGD, Laguna 3).

“*During our retreat in Batulao [in Batangas-CLM], doon, alam ko, malapit ako sa Diyos*” (FGD, Makati 5).

Mga elemento ng categoryang ito:

Nang ipinalarawan ang mga karanasang ito kung saan sinabi ng mga kalahok na itinuturing nila itong espiritwal, marami ang nagsabi na nakatulong dito ang *katahimikan*. Mahalaga ang katahimikan sa pagkakaroon nila ng oras upang mag-isip at magnilay. Sabi ng isa: “*Custo ko pong magdasal sa tahimik... mas focus at peaceful, ramdam mong banal ang lugar*” (FGD, Pampanga 1). Ipinaliwanag ng mga kalahok na mahalaga ang katahimikan at kaayusang panlabas para makapagdasal sila. Dagdag pa rito, mahalaga rin ang *kaangkupan ng lugar at panahon* para sa pagdarasal. Marami ang nagsabi na sa simbahan, *retreat house*, sa maraming halaman, at sa bundok kung saan payapa at *fresh* ang hangin masarap magdasal. “*Mararamdaman mong banal talaga ang lugar, mapapadasal ka talaga*” (FGD, Mandaluyong 4).

Gayundin, natukoy ang *personal na kahandaan/disposisyon/kagustuhan* bilang isang importanteng elemento sa pagkakaroon ng karanasang espiritwal. Sabi nga ng isang *key-informant*: “*Sa una hindi ako naniniwala na ang mga 1st at 2nd year high school ay tatahimik sa loob ng higit sa 30 minuto para magdasal. Sabi ko, yung sa higher levels pwede pa pero sila hindi. Pero nung binigyan namin sila ng introduction, minotivate at inihanda sa event—ayon seryoso sila. Possible pala*” (Interview, Youth Group Animator). Kasabay ng kahandaang ito ang pakiramdam din na hindi sila pinipilit o minamadali o binabantayan. “*Nung retreat namin, ramdam mo na totoo ang dasal mo kasi galing talaga sa akin yun at di lang dahil inutusan kaming magdasal ng teacher namin*” (FGD, Laguna 7).

Mahalaga rin sa mga pagkakataong ito ang *impluwensya at halimbawa ng iba* o ng mga tao sa paligid. Maliban sa lugar, tinitingnan din ng mga kalahok at nakakatulong din sa mga kabataan ang ginagawa ng iba. “*Syempre ‘pag nakikita mo na lahat seryoso, lahat nga nagdarasal, mapapadasal ka na rin at malakas ang dating nun*” (FGD, Mandaluyong 4).

2. Sa harap ng kagandahang-loob ng iba

Lumabas din ang pagkasaksi (*witness*) sa kagandahang-loob ng iba bilang isang pagkakataon kung kailan marami sa mga kalahok ang nagsabi na espiritwal nga para sa kanila ang ganitong karanasan. Sa mga yugtong ito, maaring sa mga kalahok mismo ginawa ang kagandahang-loob ng isang tao. Ibig sabihin, sila ang *recipient* o tagatanggap ng isang mabuting gawa. Pero maaari rin namang nakita lamang nila ito na ginawa para sa iba o iba ang tumanggap. Mayroon pa nga na napanood lamang ito sa telebisyon pero nag-iwan ito ng malakas na epekto sa kanya. Iniulat ng isang kalahok: “*Minsan sa school, ang sama sama talaga ng loob ko, pero nung nakita ako ni Sir Jay at napansin niya. Kaya tinanong niya ako. Gumaan ang loob ko. Parang angel si Sir*” (FGD, Makati 6). May isa ring nagsabi: “*Noong nakita ko kung gaano karami ang handang tumulong sa mga nasalanta ni Ondoy, narealize ko na maganda pa rin ang mundo; nagwo-work pa rin ang Diyos sa atin*” (FGD, Mandaluyong 3).

Mga elemento ng categoryang ito:

Ilan sa mahahalagang elemento sa grupong ito ang *pakikiramdam at pagiging bukas sa damdamin ng iba*. Sabi nga ng isang kalahok mula sa Pampanga: “*Pag nandun ka, ramdam mo yung kabutihan ng iba*” (FGD, Pampanga 2). Lumilitaw na mahalaga ito para sa karanasang espiritwal ng mga kabataan. Dahil paano nga ba nila masasabing nararanasan ang lapit ng Diyos na hindi nila nakikita kung una’t higit sa lahat ay hindi sila bukas sa mga bagay na nakikita nila at nagaganap sa paligid nila. Ibinahagi rin ng isang kalahok—“*Tuwing pumupunta kami ng Calauan, Laguna [i.e. isang relocation site—CLM] para sa aming social action project, nakikita namin dun yung mga bata at nakakawa talaga sila, pero going there also reminds me of how blest I am kaya all the more kailangan kong tumulong*” (FGD, Makati 7).

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

Isa pang mahalagang elemento sa katagoryang ito ay ang *kakayahang magnilay*. Nakitang kinakailangang may kakayahan ang isang kabataang tumingin sa loob at labas niya at mag-isip dahil kung hindi niya ito magagawa, hindi madaling magkaroon ng karanasang espiritwal sa loob ng katagoryang ito. “*Para sa akin, touched ako sa examples ni Sir Dodoy, kasi hindi naman siya mayaman, ordinary teacher lang siya, pero tumutulong pa rin siya sa iba. Kaya napapa-isip din ako—ako kaya, ano na nagawa ko para sa iba?*” (FGD, Mandaluyong 2). Sinuportahan ng mga *key-informants* ang paglalarawan ng mga kabataan sa kahalagahan ng pakikiramdam at pagninilay para sa pagkakaroon ng espiritwal na karanasan:

“Para sa akin, mahalaga na sensitibo sa kabutihan ang mga kabataan, dapat ay bukas sila, mata at isip nila, sa biyaya at pagkilos ng Diyos sa buhay nila, otherwise, walang spiritual experience” (Interbyu, Pari).

“Narerealize ko sa mga reflection papers nila na may lalim ang mga bata. Sa una, mukhang hindi, pero meron dyan na mature na mag-isip at tumingin sa buhay, kasi mulat na sila sa katotohanan ng buhay” (Interbyu, Values Teacher)

At panghuli, mahalagang elemento ring lumabas dito ang *pakikiisa/pagkaka-ugnay sa iba* (*connectedness*). May kaugnayan para sa mga kabataan ang karanasang sinasabing espiritwal sa mga nagaganap sa paligid nila lalo na sa kanilang kapwa. Kapag “*na-totouch*” (FGD, Pampanga, 5) ang kanilang damdamin dahil sa kagandahang-loob o mabuting halimbawa ng iba, napapa-isip sila, nagtatanong, at kalimitang nagsasabing nararanasan nila ang Diyos sa ganitong mga pagkakataon. Kadikit ng mga sagot sa elementong ito ay ang mga katagang—“*Nakita ko po ang sarili ko dun sa tinulungan*” (FGD, Laguna 4); “*Naawa ako sa kanila*” (FGD, Makati 1); at “*Nakita ko ang mabuting halimbawa ni Sir at natouch ako*” (FGD, Mandaluyong 2).

3. Matapos malampasan ang mabigat na problema o dumanas ng kawalan ng pag-asa

Marami rin ang nagsabi na espiritwal na karanasan para sa kanila ang mga pagkakataong nasagot ang kanilang dasal; nakasaksi sila ng maituturing na himala; o nakaiwas sa sakuna o aksidente—samakatuwid, mga bagay na para sa kanila ay hindi kapani-paniwala o hindi nila inaasahang mangyayari at sitwasyong wala nang pag-asa. “*Hindi po ako talaga nag-aral noon kasi may sakit ako, nagdasal po ako at sabi ko Lord, alam mo naman na ginawa ko lahat, di ako mangongopya pero tulungan mo ako. Ayon, nakapasa*” (FGD, Pampanga 8). Dagdag pa ng isa: “*Ipinagdasal ko noon na umuwi na ang Dad namin, sa abroad kasi s’ya nagwo-work. Di ko alam kung ano nangyari pero after one month umuwi na siya. Galing ni Lord*” (FGD, Pampanga 5).

Bahagi rin ng katagoryang ito ang pagdaan sa pagsubok o problema at lalo na kapag nalampasan nila ito. “*Nung namatay si Mama, syempre nagtanong din ako kay Lord, pero sa huli, narealize ko rin na mas naging maikli ang paghihirap ni Mama from cancer*” (FGD, Laguna 1). Pero sa loob ng katagoryang ito, maari rin namang ang problema o hirap ay hindi mismo niya pinagdaraan pero nasasaksihan lang niya ang paghihirap ng iba. “*Nakita ko po yung Ondoy victims, walang walang kapagapag-asa, kaya napadasal na lang po ako, wala rin kasi akong magagawa talaga para sa kanila*” (FGD, Mandaluyong 3).

Mga elemento ng katagoryang ito:

Sa mga sitwasyong nakapasok sa katagoryang ito, matinkad na lumitaw ang mga elemento gaya ng *patuloy na pag-asa at pagtitiwala sa Diyos*. Sinabi ng mga kabataang bahagi ng pag-aaral na ito na sa likod ng mga pagsubok ay ang paanyayang magtiwala pa rin. Pahayag ng isang kalahok:

“Walang-wala na kaming pag-asa noon. Pero sabi ng lola ko, magdasal. Yun lang po ang naging lakas namin... hanggang nadaanan din namin yung problema” (FGD, Mandaluyong 8). Pero malinaw ding nakita na hindi lamang patuloy na pagtitiwala ang kailangan. Dapat patuloy pa rin ang paglaban at ang pagkakaroon ng *lakas ng loob at ang hindi pagsuko* sa kabila ng anumang problema. Kadalasang nakikita rin ng mga kabataang kalahok ang mga problema nila bilang mga pagsubok lang o paanyaya tungo sa pagbabago. “Yung problema yung paraan ni Lord para maitama niya ako” (FGD, Makati 4).

B. Pakahulugan sa Ispiritwal o Relihiyosong Karanasan

Matapos matukoy kung kailan at sa loob ng anong mga pagkakataon itinuturing ng mga kalahok na espiritwal o relihiyoso ang kanilang karanasan, inilalarawan naman ng sumusunod na bahagi ang mga kahulugang ibinibigay ng mga kabataan sa mga karanasang ito na itinuturing nilang espiritwal o relihiyoso. May dalawang pangunahing grupo ng mga kasagutan ang lumabas bilang tugon ng mga kalahok sa pakahulugang ibinibigay nila sa mga karanasang sinasabi nilang espiritwal or relihiyoso:

1. Espiritwal o relihiyosong karanasan bilang pagpapala

Madalas na binibigyang-kahulugan ng mga kabataang kalahok ang mga karanasang tinatawag nilang *religious* o espiritwal bilang *pagpapala* o *blessing* ng Diyos. Tinitingnan nila ang mga ito bilang patuloy na paggalaw ng Diyos sa buhay nila o patuloy na pagtulong Niya sa kanila o sa kanilang kapwa. Iniulat nga ng isang kalahok: “Noong nakita ko kung gaano karami ang handang tumulong sa mga nasalanta ni Ondoy, narealize ko na maganda pa rin ang mundo; nagwo-work pa rin ang Diyos sa atin” (FGD, Mandaluyong 3). Madalas nakakabit ang mga espiritwal na karanasan ng mga kabataan sa konsepto ng pagpapala. At para sa kanila, may katungkulan din silang ibahagi sa iba ang pagpapala/blessing na tinanggap din nila: “Ako po, pinipilit kong magshare sa mga kaklase ko kung anuman ang meron ako, kasi tinanggap ko lang din po yung blessing from God” (FGD, Laguna 2). May nagbahagi rin na kabataang kalahok, “Yung prayer ko po bago matulog, thank you lang kay Lord kasi pinagpapala nya kami... may work po si Dad at Mom, okay po kaming magkakapatid. Blest po kami” (FGD, Mandaluyong, 5).

Idinagdag din ng paring bahagi ng interbyu: “Sa atin kasi, maaga pa, iminumulat na ang mga kabataan, sa bahay man ito, sa simbahan or paaralan, na ‘pag mabait ka, pagpapalain ka ng Panginoon” (Interbyu, Pari). Ganito rin ang sinabi ng magulang na kapanayam: “Yung mga anak ko, pilit ko silang pinalaki na may takot sa Diyos, pinapangaralan ko sila, at sinasabi ko na pagpapalain sila ng Diyos kung mabuti silang tao at mabuti sila sa ibang tao” (Interbyu, Magulang).

May kaugnayan din dito ang pakahulugang ang ispiritwal na karanasan ay isang *gantimpala*. Ito ay gantimpala sa patuloy na pagtitiwala o sa hindi pagsuko o sa kahandaang magtiis at maging mabuti sa kabila ng anumang paghihirap. Ang espiritwal na karanasan ay bunga ng pagtitiis: “Yun pong every year na pagsunod sa prusisyon hanggang Antipolo, nakikiisa ako kay Jesus sa suffering n’ya. Blessing po yun for me.” (FGD, Mandaluyong 4). May nagbahagi rin na: “Hindi po ako talaga nag-aral noon kasi may sakit ako, nagdasal po ako at sabi ko Lord, alam mo naman na ginawa ko lahat, di ako mangongopya pero tulungan mo ako. Ayon, nakapasa” (FGD, Pampanga 8).

Maituturing ding bahagi sa mga pakahulugang ito ang pagturing ng mga kabataan sa kanilang mga karanasang espiritwal bilang *awa/tulong* ng Diyos o dininig na panalangin. Nakikita nilang tumutulong ang Diyos kung hindi sila susuko at patuloy silang: “Ipinagdasal ko noon na umuwi na ang Dad namin, sa abroad kasi s’ya nagwo-work. Di ko alam kung ano nangyari pero after one month umuwi na siya. Galing ni Lord” (FGD, Pampanga 5). May binanggit din sa panayam na: “Sa pagtatapos

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

ng retreat, taun taon 'yan, halos lahat ng batch, makikita mo na masasaya sila, grateful, dahil pakiramdam nila, malinis na sila, forgiven sila at pwede na silang magsimula ulit" (Interbyu, Youth Group Animator).

2. Espiritwal o relihiyosong karanasan bilang pagpapaalala

Malinaw ding lumabas bilang pakahulugan sa espirital na karanasan ng mga kabataan ang tema ng *paalala, pagtatama, paanyayang magbago, paggising, o pagbabalik-loob*. Ang mga karanasang espirital din ay itinuturing na pagpapaalala o pagkatok ng Diyos sa mga kabataang kalahok lalo na kung sa tingin nila ay nalilihis na sila ng landas. Iniulat ng isang kalahok na: "*Yung problema yung paraan ni Lord para maitama niya ako*" (FGD, Makati 4). Sa mga pagkakataong ito, nakikita nila na ang Diyos mismo ang gumagawa ng paraan para itama sila. At ang mga itinuturing nilang espirital na mga karanasan ang paraan ng Diyos upang magbigay-paalala sa kanila.

Kadalasang lumilitaw ang ganitong tema na itinuturing nilang pinapaalalahanan o ginigising sila sa loob ng karanasang relihiyoso sa mga panahong alam nilang may mali silang nagawa o nakakalimot na sila sa Diyos. Kalimitan nilang sinasabi sa mga ganitong pagkakataon na—"*Yung nagkasakit ako, ang hirap po, dengue yun, pero yun yung naging paraan ni Lord na magpakabait ako*" (FGD, Pampanga 1). "*Hindi po ako madasaling tao, pero yung pagkakasakit po ng lola ko ang naging paraan para magsimula akong magsimba, magdasal at dumaan sa chapel*" (FGD, Laguna 3).

Paliwanag ng isang kalahok sa interbyu, "*Di ba madalas na sinasabi, nadidinig ng mga bata, ang Diyos ay Ama, kaya itinatama Niya tayo at pinapaalalahanan kung nagkakamali. Kaya hindi malayong isipin ng mga kabataan na ang mga negative experiences nila ay magagamit ng Diyos para paalalahanan sila*" (Interbyu, Pari).

TALAKAYAN

Tinukoy sa mga naunang pananaliksik ang koneksyon ng espiritalidad sa positibong pag-unlad ng mga kabataan (halimbawa, Regnerus et al., 2003, Benson et al., 2005, Lerner et al., 2008). At kahit hindi layunin ng papel na ito na suriin ang ugnayan ng espiritalidad at positibong pag-unlad ng mga kabataan, mahihinuha pa rin sa mga kasagutan at paliwanag ng mga kalahok ang mga posibleng kadahilanan sa nasabing ugnayang ito. Una, sinasabing kadalasang kalakip ng mga karanasang espirital at relihiyoso ang mga positibong emosyon gaya ng saya, pagiging *inspired*, at pagkakaroon ng pag-asa. Sa pananaliksik na ito, lumitaw din sa mga isinagot ng mga kalahok na kalimitang kaugnay ng mga tinataguriang espirital o *religious* na mga karanasan ang mga positibong damdamin na ito. Sa ganitong paraan, nagiging isang mahalagang tulong at gabay ang espiritalidad para makatahak ang isang kabataan patungo sa isang magandang direksyon ng pag-unlad. Sabi nga ng isang kalahok: "*Minsan sa school, ang sama sama talaga ng loob ko, pero nung nakita ako ni Sir Jay at napansin niya. Kaya tinanong niya ako. Cumaan ang loob ko. Parang angel si Sir*" (FGD, Makati 6).

Ikalawa, kalimitang ang mga grupong may kinalaman sa relihiyon at espiritalidad ay tumutulong sa pagbubuo ng isang kapaligirang nagtataguyod ng kabutihan at naglalayo sa anumang posibleng kapahamakan o bisyo para sa mga kabataan. Kaya kadalasang ang mga kabataang sumasali o pumapasok sa mga grupong ito ay natutulungang isaayos ang kanilang buhay. Nagbibigay-suporta ang grupong kinabibilangan para malayo sa masamang impluwensya ang mga kabataan. "*Pag nandun ka, ramdam mo yung kabutihan ng iba*" (FGD, Pampanga 2). At ang kabutihang ito rin ng iba ang maaring naggaganyak at nagiimpluwensya sa mga kabataan na maging mabuti rin. Sabi nga ni Charon (1988, p. 357) ang isang tao raw ay "influenced by the norms, role definitions and values of the particular collective... they are likely to behave in ways

considered appropriate by members of that collective.” At panghuli, may kakayahan ang espiritwalidad na ibalik sa tamang landas ang isang nalilihis dito. Sa pagtingin ng mga kabataan, ang espiritwal na karanasan ay maaaring isang pagpapaalala at pagkakataong itinatama sila ng Diyos sa kanilang mga maling nagawa. “*Alam ko po na yung mga negative kong pinagdaanan, ginagamit yun ng Diyos para patatagin ako, para iayos ako*” (FGD, Pampanga 5). Dahil dito, nakakatulong ang karanasang espiritwal na isaayos ang buhay ng isang indibidwal.

Matingkad ding lumitaw ang penomenolohikal na dimensyon ng mga karanasang espiritwal o *religious*. Binigyang-kahulugan na ito ni Yabut (2013a, p.168) sa kanyang pananaliksik nang sinabi niyang,

Nakatuon sa dalawang tema ang mga konseptwalisasyon tungkol sa ispiritwalidad. Ang unang temang lumitaw ay ang penomenolohikal na karanasan nito... Itinuturing ang ispiritwalidad dito bilang isang bagay na nasa loob ng isang tao... nararanasan ito sa iba’t ibang paraan depende sa pagpapakahulugan ng tao.

Dahil dito, nagiging posible na magkaroon ng espiritwal na karanasan kahit sa kabila ng isang negatibong sitwasyon o kahit sa isang hindi inaaasahang lugar o pagkakataon dahil sa loob nga nakasalalay ang karanasang tinataguriang espiritwal o *religious*.

“*Yung problema yung paraan ni Lord para maitama niya ako*” (FGD, Makati 4).

“*Sa Calauan po sobrang hirap ng mga tao dun, minsan naiisip ko paano sila nabubuhay dun... Pero yun din yung time na naiisip ko na may Diyos, kasi di N’ya sila pinapabayaan*” (FGD, Makati 2).

KONTEKSTO SA PAGBUBUO NG KAMULATANG ESPIRITWAL AT RELIGIOUS

Mahalagang talakayin din ang kahalagahan ng kontekstong kinapapalooban ng mga karanasan at pakahulugang espiritwal ng mga kabataan. Ipinaliwanag nila Shweder, Goodnow, Hattano, Levine, Markus, at Miller (2006) na ang bawat indibidwal ay hindi nabubuhay sa isang abstrak na realidad, bagkus tayo ay gumagalaw sa loob ng mga “specific, substantive set of cultural understandings” (p. 754). Nakikibahagi ang bawat tao ng mga pagkaintindi, halagahin, paraan ng pagkilos, at pag-unawa sa kapaligiran at sa sarili sa iba pang mga tao sa loob ng kanyang lipunang ginagalawan (Hallman, 1998; Rosaldo, 1984; Cornelio, 2017). At ito ay nagaganap sa loob ng mga interaksyong kanilang sinasalihan at kinapapalooban.

Sa larangan ng espiritwalidad, nauna nang nakita ang kahalagahan ng pamilya at mga kaibigan sa pagbubuo ng kamulatang espiritwal at panrelihiyon ng mga kabataan (Smith, 2003; Tan-Mansukhani at Resurreccion, 2009; ECY-CBCP, 2014). At ganito rin ang lumitaw sa kasalukuyang pananaliksik.

“*Sa bahay po ako natutong magdasal*” (FGD, Laguna 5).

“*Mahalaga sa akin na alam nila ang faith natin. Ayaw ko silang lumaki ng walang kinikilalang Diyos*” (Interbyu, Magulang).

“*Noong una, nakikisama lang po ako, kaya napapadaan din ako sa chapel, pero nung huli, desisyon ko na po yun*” (FGD, Mandaluyong 3).

Bagaman hindi tuwirang tiningnan ng pag-aaral na ito kung saan nabubuo at nahuhubog ang espiritwalidad ng mga kabataan, malinaw pa ring nakita na madalas nagsisimula ito sa loob ng

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

tahanan, patuloy na hinuhubog ng paaralan/pamayanan, at gayundin, ng grupong kinabibilangan—barkada man ito, organisasyon, o klase; sa loob man ng pormal o di-pormal na ugnayan at mga pagkakataon. Sabi nga ng isang kalahok, “*Kelangan po naming magsimba ng sama-sama* [i.e. isang pamilya -CLM] ‘*pag Linggo*” (FGD, Mandaluyong 2). Nabigyang-linaw din ito sa ulat ng isang guro, “*Lagi ko silang pinapaalalahanan na kasama at nakikita sila ng Diyos, mahalagang lagi silang conscious dun*” (Interbyu, Youth Group Animator). Mahalaga ring banggitin na maliban sa pamilya at mga kaibigan, may kinalaman din sa pagpapalalim ng espiritwalidad ang mga *adults* sa paligid ng isang kabataan, maaaring guro, kakilala, o kahit sinuman na nakitaan nila ng mabuting halimbawa. Paliwanag nga nina Shweder et al. (2006, p. 762),

Selves are constituted and develop in interaction with specific others... investigators now assume that mutual involvement of self and others is so fundamental to human functioning that others are automatically perceived to one's sense of self.

Kaugnay nito, mahalagang suriin ang lipunang ginagalawan ng mga kabataan lalo na sa mga panahong ito. Dahil kung ibabatay lamang sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral, maaring sabihing mahalaga nga sa kontekstong Pilipino ang espiritwalidad at relihiyon gaya ng nakita na sa mga naunang pananaliksik (Cornelio, 2014; De Mesa, 1981; ECY-CBCP, 2005, 2014; Mercado, 2009; Sapitula at Cornelio, 2013). Ngunit nangangailangan ng higit na malalimang pagsusuri at pagsasaliksik para tahasang masabi kung ano nga ba ang papel na ginagampanan ng espiritwalidad at relihiyon sa ating lipunan sa kasalukuyan, at gayundin, kung paano nahuhubog at naiimpluwensyahan ng lipunan ang mga bagay na may kinalaman sa relihiyon at buhay pananampalataya.

UGNAYAN NG LOOB AT LABAS SA MGA KARANASANG SPIRITUAL AT RELIGIOUS

Hindi rin siguro nakagugulat na makitang sa mga pagkakataon ng pagdarasal sinasabi ng mga kalahok na nakararanas sila ng paglapit ng Diyos sa kanila o sa loob ng mga ganitong gampanin nila sinasabing espiritwal ang isang karanasan. Pero maliban dito, mahalagang tingnan din na ang mga sitwasyon ng problema at hirap at gayundin, ang mga ordinaryong okasyon ng pagkasaksi sa kagandahang-loob ng iba ay mga pagkakataon din na sinasabi ng mga kabataan na posibleng magkaroon ng karanasang espiritwal at *religious*.

Sa pangkalahatan, ang mga pangunahing deskripsyon ng mga kabataang kalahok sa kung kailan o sa anong pagkakataon nila sinasabing espiritwal or *religious* ang isang karanasan ay inilalarawan nila bilang isang panloob at personal na karanasan—gaya ng may nadama silang saya, *peace*, na *inspire*, na *touched*. Hinuhusgahan ng isang kabataan na *religious* o espiritwal ang isang karanasan kung may nararamdaman siya sa loob niya. At gaya nga ng nabanggit na, isa itong penomenolohikal na karanasan (Yabut, 2013a). Ngunit sa kabila nito, maliwanag pa rin na may malaking kinalaman dito ang nasa labas, ang kapaligirang kinapapalooban ng isang indibidwal bilang batayan ng kung ano ang nasa loob.

“Gusto ko pong magdasal sa tahimik... mas focus at peaceful, ramdam mong banal ang lugar” (FGD, Pampanga 1).

“Syempre ‘pag nakikita mo na lahat seryoso, lahat nga nagdarasal, mapapadasal ka na rin at malakas ang dating nun” (FGD, Mandaluyong 4).

Nakabatay sa mga pisikal at panlabas na mga kaganapan at katangian ang panloob na damdamin. Ang labas ay kaagapay at katulong sa pagkakaroon ng espiritwal na karanasan—

halimbawa ang tahimik at maayos na kapaligiran, nasaksihang kagandahang-loob ng iba, hirap at problemang dinaraan, lahat ay ipinapasok sa loob at doon lamang maaring maranasan ang koneksyon ng mga ito sa kung ano ang maaaring ituring na espiritwal. Ito ang binanggit nila Shweder (2006, p. 754) nang sinabi nilang “the self functions as an interpretative, integrative, or orienting framework for individual behavior.” Nauna na itong ipinaliwanag ni Alejo (1990) noong tinalakay niya ang *loob*. Sabi niya, sa *loob* lamang nagiging ganap na espiritwal ang mga bagay na mula sa labas:

...matututunan natin na upang maunawaan ang kabuuan, kailangang lumagay tayo sa loob at mauunawaan ang loob kung magsisimula tayo sa isang punto de bistang ‘kinaikutan’ ng paligid... ang labas, samakatuwid ay pagpapakita ng loob (p. 74).

HIRAP, TIYAGA, AT GINHAWA SA KARANASANG ESPIRITWAL

Kaugnay nito, isa ring pangunahing pakahulugang ibinibigay ng mga kabataang kalahok sa kanilang karanasang tinatawag na espiritwal ay ang tema ng pagtitiis. Matingkad na lumitaw ang magkakaugnay na mga konsepto gaya ng pagtitiyaga at pagtitiis, sakripisyo, at patuloy na pananalig sa kabila ng problema at paghihirap. Sinasalamin nito ng ilan sa ating matatandang kasabihan—“*kapag may tiyaga, may nilaga*” at “*kapag may itinanim, may aanihin*.” Parang sadyang nakaugat na sa ating kamalayan ang pagtitiis at pagsisikap, at kung kinakailangan, ay ang pagbabata ng hirap para makamit ang ating mga mithiin (Enriquez, 1994).

Subalit sa kabila ng mga negatibong kaganapan at karanasang ito ay maaari pa ring magkaroon ito ng positibong mensahe batay sa kung paano ito bibigyang-pakahulugan ng isang tao. Para sa mga kabataang kalahok, ang mga problema sa buhay ay maaaring pagpapaalala ng Diyos sa kanila o pagtatama at pagsubok na sa huli ay magpapatatag sa kanila: “*Walang-wala na kaming pag-asa noon. Pero sabi ng lola ko, magdasal. Yun lang po ang naging lakas namin... hanggang nadaanan din namin yung problema*” (FGD, Mandaluyong 8).

Malaking papel ang ginagampanan ng pagtitiis at pagpapakasakit sa pagkaunawa sa kabuuan ng pananampalatayang Kristyano. Lalo pa itong tumitingkad tuwing mga Mahal na Araw sa mga nakikita nating mga kababayang nagpepenitensya sa halos lahat ng lugar sa bansa. Kalbaryo at luwalhati; Biyernes Santo at Linggo ng Pagkabuhay—ito ay mga mahahalagang elemento ng pananampalataya ng maraming Pilipino (Ileto, 1998). At lumitaw ang ganitong pakahulugan sa mga kabataang bahagi ng pananaliksik na ito. Mula sa ulat ng isang kalahok: “*Nung namatay si Mama, syempre nagtanong din ako kay Lord, pero sa huli, narealize ko rin na mas naging maikli ang paghihirap ni Mama from cancer*” (FGD, Laguna 1).

Itinuturing din nila na paraan ng Diyos ang mga hirap at problema upang sila ay paalalahanan o itama ng landas. Sabi nga ng isang kalahok: “*Yung problema yung paraan ni Lord para maitama niya ako*” (FGD, Makati 4). Kaugnay ng mga ito, may tinukoy si Sevilla (1982) sa kanyang papel na nagpapaliwanag sa kung paano tinitingnan ng mga Pilipino ang kanilang pananampalataya. Sabi niya—“the Filipino religion, for instance, is not confined to attending mass, receiving the sacraments and certain devotions, but pervades the many aspects of the Filipino life” (p. 308). Kaya hindi na rin nakakagulat na makita na ang espiritwalidad ay sinasabing nararanasan din ng mga kalahok kahit sa labas ng mga oras ng panalangin at mga gampaning may kaugnayan sa relihiyon. Nakakatagpo ang mga kalahok ng mga itinuturing nilang espiritwal na karanasan kahit sa ordinaryong yugto ng kanilang buhay at minsan kahit sa kabila ng mga negatibong at hindi magandang karanasan.

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

KONGKLUSYON

Sinikap ng papel na ito na tingnan at suriin ang karanasang espiritwal at relihiyoso ng mga kabataang lalaki. Tinalakay ang mga sitwasyong itinuturing ng mga kalahok na espiritwal at *religious* gaya ng sa loob ng mga oras ng pagdarasal, sa harap ng kabutihang-loob ng iba, at sa pagtatagumpay sa harap ng problema. Nabigyan din ang mga pangunahing temang ito ng deskripsyon at pakahulugan batay sa karanasan ng mga kalahok. Sinuri rin ang mga resultang ito kalakip ng ilang konseptong Pilipinong maaaring makapagbigay ng higit na malalimang pagkaunawa sa espiritwalidad at *religiosity*.

Marami pang mga aspekto ang dapat makita hinggil sa paksaing espiritwalidad upang ganap itong maunawaan (Beit-Hallahmi, 2015). At ilan sa mahahalagang isyung maari pang talakayin ay ang prosesong pinagdadaan kung paano nakukuha ng mga kabataan ang mga pakahulugang kanilang sinabi (i.e. *socialization process*). Gayundin, magandang masuri ang pagkakaiba sa pagpapakahulugan sa karanasang espiritwal mula sa perspektibo ng kasarian, katayuan sa buhay, pook na tinitirahan (urban o rural), paaralang pinapasukan at marami pang iba. Kapansin-pansin ding mula sa perspektibong Kristyano (Katoliko) ang pananaw ng pag-aaral na ito, kaya maganda ring suriin ang karanasang espiritwal mula sa iba pang tradisyon ng pananampalataya. Gayundin, mulat na sa relihiyon at espiritwalidad ang mga kalahok, at lalo pang pinatingkad ng kanilang pag-aaral sa mga Catholic Schools ang kanilang karanasan, malaki rin ang maiaambag kung aaralin ang pagkakaroon ng espiritwalidad at pagkaunawa sa relihiyon ng mga kabataang malayo o hindi nakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng paksang inaral.

Ang mga ito ay nagpapakita na sadyang hindi pa ganap ang ating kaalaman hinggil sa relihiyon at espiritwalidad. Gayumpaman, sana ay nakapag-ambag ang kasalukuyang pananaliksik na ito—sa kabila ng kanyang mga limitasyon, ng dagdag na kaalaman tungkol sa karanasang espiritwal o relihiyoso ng mga kabataang kalahok.

Mga Sanggunian

Mga Talakayan at Panayam

Focused Group Discussion (FGD)

FGD, Mandaluyong [2, 3, 4, 5, 8]. 2011.

FGD, Makati [1, 2, 4, 5, 6, 7]. 2011.

FGD, Pampanga [1, 2, 5, 8]. 2011.

FGD Laguna [1, 2, 3, 4, 5, 7]. 2011.

In-Depth Interview

Interbyu, Youth Group Animator. 2011.

Interbyu, Values Teacher. 2011.

Interbyu, Pari. 2011.

Interbyu, Magulang. 2011.

Mga Aklat at Artikulo

Alejo, A. E. (1990). *Tao po! Tuloy! Isang landas sa pang-unawa sa loob ng tao*. Manila: Office of Research and Publication, Ateneo de Manila University.

Beit-Hallahmi, B. (2015). *Psychological perspectives on religion and religiosity*. London: Routledge.

Benson, P.L., P.C. Scales, A. Sesma Jr., at E.C. Roehlkepartain (2005). Adolescent spirituality. *Search Institute*, (special edition), 1-27.

Brody, G.H., Z. Stoneman at D. Flor (1996). Parental religiosity, family processes, and youth competence in rural, two-parent African-American families. *Developmental psychology*, 32 (4), 696-706.

Charon, J.M. (1988). *Symbolic interactionism*. New Jersey: Prentice Hall.

Cornelio, J. (2010). Being Catholic as reflexive spirituality: The case of religiously involved Filipino students. *Working Paper Series No. 146, Asia Research Institute*. National University Singapore.

Cornelio, J. (2014). Popular religion and the turn to everyday authenticity: Reflections on contemporary study of Philippine Catholicism. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 62(3-4), 471-500.

Cornelio, J. (2017). Religion and civic engagement: the case of Iglesia ni Cristo in the Philippines. *Religion, State and Society* 45(1), 1-16.

Cresswell, J. (2014). Can religion and psychology get along? Toward a pragmatic cultural psychology of religion that included meaning and experience. *Journal of theoretical and philosophical psychology*, 34(2), 133-145.

Davis, D.E., E.L. Worthington Jr., J.N. Hook, D.R. Van Tongeren, J.D. Green, at D.J. Jennings II (2009). Relational spirituality and the development of the similarity of the offender's spirituality scale. *Psychology of religion and spirituality*, 1(4), 249-262.

De Mesa, J. (1981). And God said: "Bathala na!" the theme of providence in the lowland Filipino context. *Philippine Studies*, 29 (1), 115-117.

Denton, M. L., L. D. Pearce, at C. Smith (2008). Religion and spirituality on the path through adolescence. *National Study of Youth and Religion*, no. 8. USA: University of North Carolina at Chapel Hill.

Donahue, M.J. at P. Benson (1995). Religion and the Well-being of Adolescents. *Journal of Social Issues*, 51(2), 145-160.

Dy-Liaco, G.S., R.L. Piedmont, N.A. Murray-Swank, T.E. Rodgerson, at M.F. Sherman (2009). Spirituality and religiosity as cross-cultural aspects of human experience. *Psychology of religion and spirituality*, 1(1), 35-52.

Enriquez, V. (1994). *From Colonial to Liberation Psychology*. Manila: De La Salle University Press.

Karanasang Espiritwal at Panrelihiyon ng mga Kabataan: Pagsusuri sa Konseptwalisasyon at Pakahulugan

- Episcopal Commission on Youth-Catholic Bishops' Conference of the Philippines [ECY-CBCP]. (2005). *Ka-lakbay: directory for Catholic youth ministry in the Philippines*. Manila: Episcopal Commission on Youth-Catholic Bishops' Conference of the Philippines.
- Episcopal Commission on Youth-Catholic Bishops' Conference of the Philippines [ECY-CBCP]. (2014). *The national Filipino Catholic youth study 2013*. [Study conducted by the Catholic Bishops' Conference of the Philippines and the Catholic Educational Association of the Philippines]. Isinangguni mula sa <https://bit.ly/352UCE1>.
- Fay, T.J. (2015). Postmodern spirituality in the making: Filipino Catholics at the end of the century. *Budhi*, 1, 165-203.
- Good, M., at T. Willoughby (2008). Adolescence as a sensitive period for spiritual development. *Child and development perspectives*, 2(1), 32-37.
- Hallman, M. (1998). *Towards philosophical boundaries*. USA: Wadsworth Publishing House.
- Ileto, R.C. (1998). *Pasyon and revolution, popular movements in the Philippines, 1840-1910*. Manila: Ateneo de Manila University Press.
- James, R. L. (w.t.). Correlation between adolescent self-esteem, religiosity and perceived family support. *National Undergraduate Research Clearinghouse*. Isinangguni mula sa <https://bit.ly/3j137Ev>.
- King, P.E., at J.L. Furrow (2008). Religion as a source for positive youth development: religion, social capital and moral outcomes. *Psychology of religion and spirituality*, Spring(1), 34-49.
- Larson, R. (2000). Towards a psychology of positive youth development. *American psychologist*, 55(1), 170-183.
- Lerner, R. M. (2005). *Promoting positive youth development: Theoretical and empirical bases*, Workshop on the Science of Adolescent Health and Development, National Research Council, Washington, DC, 9 Setyembre 2005. Isinangguni mula sa <http://ase.tufts.edu/iaryd/documents/pubPromotingPositive.pdf>.
- Lerner, R.M., R.W. Roeser, at E. Phelps (2010). *Positive Youth Development and spirituality: from theory to research*. USA: Templeton Foundation Press.
- Lippman, L., E. Michelsen, at E. Roehlkepartain (2004). *The measure of family religiosity and spirituality*. Isinangguni mula sa <https://bit.ly/3jZzrZv>.
- Martinez, C. L. (2011). Isang pag-aaral sa konteksto at katangian ng kasiyahan ng mga kabataan. *Isip: Mga kaisipan sa sikolohiya, kultura, at lipunang Pilipino*, 1, 111-156.
- Mercado, L. (1992). *Inculturation and Filipino theology*. Manila: Logos Publication, Inc.
- Mercado, L. (2009). *Dialogue and faith: a perspective view*. Manila: Logos Publication, Inc.
- Regnerus, M., C. Smith, at M. Fritsch (2003). Religion in the lives of American adolescents: a review of literature. *National Study of Youth and Religion*, no. 3. USA: University of North Carolina at Chapel Hill.
- Rosaldo, M. (1984). Towards an anthropology of self and feeling. Nasa R.A. Shweder at R.A. Levine (mga pat.), *Culture theory: Essays on mind, self, and emotion*. London: Cambridge University Press, 137-157.
- Sapitula, M.V.J., at J.S. Cornelio (2013). A religious society? Advancing the sociology of religion in the Philippines. *Philippine Sociological Review*, 62, 1-10.
- Sevilla, J. C. (1982). Filipino religious psychology: A commentary. Nasa R. Pe-Pua (pat.), *Sikolohiyang Pilipino teorya, metodo, at gamit*. Quezon City: University of the Philippines Press, 306-314.
- Shweder, R.A., J.J. Goodnow, G. Hatano, R.A. Levine, H.R. Markus, at P.J. Miller (2006). The cultural psychology of development: One mind, many mentalities. Nasa R.M. Lerner (pat.), *Handbook of child psychology: Vol. 1, Theoretical models of human development*. Hoboken, New Jersey: Wiley, 716-792.
- Sinha, J.W., R.A. Cnaan, at R.W. Gelles (2007). Adolescent risk behaviours and religion. *Journal of Adolescence*, 30(2), 231-249.

- Smith, C. (2003). Theorizing religious effects among American adolescents. *Journal for the scientific study of religion*, 42(1), 17-30.
- Smith, C., at M.L. Denton (2005). *Soul searching: The religious and spiritual lives of American teenagers*. New York: Oxford University Press.
- Smith, C., R. Faris, at M.L. Denton (2006). Are American youth alienated from organized religion? *National Study of Youth and Religion*, no. 6. USA: University of North Carolina at Chapel Hill.
- Tan-Mansukhani, S. at R. Resurreccion (2009). Spirituality and the development of positive character among Filipino adolescents. *Philippine Journal of Psychology*, 42(2), 271-290.
- Yabut, H. (2013a). Isang paglilinaw sa mga paniniwala at pagpapakahulugan sa ispiritwalidad at relihiyon ng mga Pilipino. *Diwa*, 1(1), 162-179.
- Yabut, H. (2013b). Apung mamacalulu: ang Sto. Entierro ng Pampanga. *Dalumat ejournal: kalingang-bayan at diasporang Filipino*, 4 (1 & 2), 1-13.